SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

NIA BULACAN AURORA ... IRRIGATION MANAGEMENT ... Tanauan ... San Rafael
RECEIVED
By - MIKEE ...
Date 04/14/21
7643888

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-26

**"HUMIHILING SA NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION (NIA) NA NAWA'Y MAPAGAWAAN NG FARM TO MARKET ROAD ANG LOWER NIA ROAD (PUROK 7) AT KALSADA SA RAMPA (PUROK 3) NA NAKADATAL SA TIBAGAN, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Toni Flor H. De Guzman**

---

**SAPAGKA'T**, ang kakalsadahin na mga farm-to-market roads ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKA'T**, ang mga kalsadahin sa Barangay Tibagan ay isang mahalagang farm-to-market road, ngunit ito ay sira-sira na at mahirap nang daanan;

**SAPAGKA'T**, ang pagsasa-ayos ng farm-to-market road sa Barangay Tibagan ay magsisilbing malaking pakinabang, kapaburan sa mga kababayan nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, gayundin, kung mapapa-ayos ang nasabing kalsada ay mapapadali ang pamumuhay ng mga mamamayan at motoristang dito ay dumadaan;

**SAPAGKA'T**, magiging madali din ang paghahatid ng tulong at pagresponde kung sakaling dumating ang oras ng sakuna.

**KUNG KAYA'T**, sa mungkahi ni **IGG. TONI FLOR H. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na hilingin sa sa National Irrigation Administration (NIA) na nawa'y

mapagawaan ng farm to market road ang lower NIA road (Purok 7) at kalsada sa rampa (Purok 3) na nakadatal sa Tibagan, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-16 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-16 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim